Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KAISAHAN KAUNLARAN KARUNUNGAN 25

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16-10
Serye 2016

PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA SELYO NG KAHUSAYAN SA SERBISYO PUBLIKO

SAPAGKAT, iniaatas ng Batas Republika Blg. 7104 na mandato ng KWF na hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo, ang mga grant at gawad, ang pagsusulat at publikasyon—sa Filipino at ibang mga wika ng Filipinas—ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina;

SAPAGKAT, iniaatas pa ng naturang batas sa KWF na tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, na pagtibayin ang bagong gawad na tatawaging "Selyo ng Kahusayan sa Serbisyo Publiko" na isang pambansang timpalak at parangal para sa mga ahensiya at lokal na yunit ng pamahalaan na sumunod sa implementasyon ng Atas Tagapagpaganap Blg. 335 at nagpamalas ng kahusayan sa paggamit ng Filipino bilang wika ng serbisyo publiko;

IPINAPASIYA pa, na ang sumusunod ang pamantayan sa pagpili ng pararangalan:

1. Nakapagdaos na ng Seminar sa Korespondensiya Opisyal ng KWF;
2. May nabuong Lupon sa Korespondensiya Opisyal na namuno sa pagsasagawa ng sumusunod:
    a. Nasa Filipino o may salin sa Filipino ang pangalan ng tanggapan at mga sangay;
    b. May salin sa Filipino ang misyon at bisyon ng ahensiya o lokal nay unit ng pamahalaan;
    c. May salin sa Filipino ang Gabay sa Mamamayan (Citizen's Charter)
    d. Nasa Filipino ang ilang proseso at karatula na maggagabay sa mga kliyente;
    e. May ulong sulat o letterhead na nasa Filipino;
    f. May mga pormularyo para sa mga kliyente na nakasulat sa Filipino;
    g. May mga pormularyo para sa mga kawani na nakasulat sa Filipino;
    h. May mga korespondensiya, katulad ng liham, memorandum, at iba pa na nasa Filipino; at

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO TINANGGAP Petsa: 7/05/16 Oras: 11:05 Ni:

i. May mga kalatas, poster, brosyur, at mga katulad na materyales na nasa Filipino.

IPINAPASIYA sa wakas, na maglalaan ang KWF ng kaukulang pondo para sa pagpapatupad ng proyektong ito.

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner ngayong 22 Hunyo 2016 sa Las Casas Filipinas de Acuzar, Bagac, Bataan.

KOM. VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapangulo

KOM. PURIFICACION DELIMA
Kagawad

KOM. LORNA E. FLORES
Kagawad

KOM. ABDON M. BALDE JR.
Kagawad

KOM. JOHN E. BARRIOS
Kagawad

KOM. JIMMY B. FONG
Kagawad

KOM. JERRY B. GRACIO
Kagawad

KOM. MA. CRISANTA N. FLORES
Kagawad

KOM. LUCENA P. SAMSON
Kagawad

KOM. ABRAHAM P. SAKILI
Kagawad

KOM. HOPE S. YU
Kagawad